

pamamagitan ng pagputol ng pinakapuno nito kapag nakapag-ani na. Ginagawa ito upang mapabata ang okra at muling magsanga at mamuno. Sa pamamagitan ng pag-raratoon, mababawasan ang gastusin sa bukid lalo sa paghahanda ng lupa at binhi. Pag-kaani, putulin ang punong okra ng mga isang piye mula sa lupa. Araruhin ng mababaw ang mga tudling. Mag-side-dress ng 10 gramong Urea bawat puno upang magsanga at mamuno. Araruhing papasok upang matakpan ang abono. Patubigan kung kailangan.

### **Pag-aani at post harvest**

Nagsisimulang mamulaklak ang okra mula 40 hanggang 75 araw makatanim. Ang mga malambot at murang bunga ay maaaring anihin sa loob ng 4 hanggang 6 na araw mula sa pamumulaklak. Anihin ang mga bungang okra na may laking 3-4 na dali (inches) tuwing ikalawa o ikatlong araw. Huwag hayaang gumulang ang okra sapagkat hindi na ito mabibili sa merkado. Umani sa madaling araw o bandang hapon upang mapanatili ang kasariwaan nito. Ang isang ektaryang okra ay makakapag-ani ng mula 18 hanggang 25 tonelada. Piliin ang magagandang bunga at ihiwalay ang malalaki sa maliliit. Ilagay ang okra sa mga plastic bag at balutan ng dahon ng saging o lumang diyaryo bago dalhin sa pamilihan. Ingatan na hindi siksikan ang paglalagyan ng okra upang hindi mapisa at masira ang mga bunga.



Ang polyetong ito ay inilathala ng Department of Agriculture, Regional Field Office-III sa ilalim ng High Value Crops Development Program (HVCDP)

Inihanda ng HVCDP, RFO-3 sa pakikipagtulungan ng Agricultural Information Section, Regional Office.



Department of Agriculture  
Regional Field Unit 3  
City of San Fernando, Pampanga



High Value Crops  
Development  
Program



**Pag-aalaga ng**

**OKRA**

# Okra (*Hibiscus esculentus L*)

Ang okra ay isang medyo mataas, pang tag-araw at taunang gulay. Popular ito at malakas pagkakitaan. Ang mga mura at malambot na bunga ay ginagawang salad, pinakukuluan o piniprito at maaring isahog sa mga karne at isdang ulam. Mahalaga ang gulay na ito sa pinakbet ng mga Ilocano. Mayaman ito sa Vitamin A, protein, calcium, fats, potassium, phosphorous, iron at carbohydrates.

Bukod sa kahalagahan ng okra sa nutrisyon, ginagamit din ito bilang gamut sa ulcer sa tiyan, pamamaga ng pulmon, colitis at pananakit ng lalamunan. Halos kalahating okra ay natutunaw na fiber na sagana sa gums at pectin. Ang kalahati ay hindi natutunaw na fiber na nagpapasigla sa bituka at nakapagpapabawas sa tsansang sakit na cancer, lalo ang colorectal cancer. Halos 10% ng inirerekomendang dami ng Vitamin B6 at Folic acid ay makikita sa kalahating tasa lang ng lutong okra.

Kinagisnan na sa Pilipinas na magtanim ng okra sa likod-bahay at pansiriling konsumo lang. Ngunit sa ilang mga barangay ng Tarlac at Lapaz, malawakan ang pagtatanim ng ispesyal na barayti ng okra (may apat na kanto ang uri ng okrang ito) na iniluluwas sa Japan ng halos sampung buwan sa loob ng isang taon. Kinakain ito ng hilaw ng mga Hapon.

## Lupa at Klimang kailangan

Maitatanim ang okra sa maraming klase ng lupa, ngunit para sa magandang ani, ipinapayo itong itanim sa mabanlik at medyo mabuhanging lupa na madaling patuyuan at mayaman sa mga organic matters. Magandang itanim ang okra sa mga lugar na mahabaang tag-araw at mainit na panahon.

## Barayti ng Okra

Pumili ng mga barayti ng okra na napatunayan nang angkop sa lugar ng pagtataniman. Pumili ng mga barayti

na matibay laban sa sakit at pesteng kulisap at mabili sa local na merkado. Ang barayti ng okra na itinatanim sa Tarlac ay pawang imported mula sa Japan at kailangan ng ispesyal na pagsasanay upang alagaan ito at pakinabangan.

## Paghahanda ng Lupa

Ihanda ang bukid nang maaga upang magkaroon ng sapat na panahon na mabulok ang mga damo at iba pang yagit sa taniman. Mag-araro kung maliit ang tataniman o kaya ay iparotavator o iparostilyo kung malakihan ang bukid sa lalim na 15 hanggang 20 cm. Basagin ang lupa pagkaraan ng isang linggo. Halangin ang tatamnan pagkaraan muli ng isang linggo. Pinuhing mabuti ang lupa upang magkaroon ng sapat na hangin sa bahagi ng mga ugat. Isang araw bago magpatanim, ihanda ang mga tudling sa layong 75 cm sa pagitan. Ipinapayo na gumamit ng plastic mulch upang hindi makatubo ang mga damo at tumagal ang halumigmig sa lupa.

## Paglalagay ng abono

Bago magpatanim, ipasuri muna ang lupa sa pinakamalapit na laboratory ng DA o ng BSWM upang matiyak ang dami at uri ng abono na ilalagay. Ngunit kung hindi nagawa ito, maglagay ng 6 hanggang 10 bag ng complete fertilizer (14-14-14) at 10 bag na organikong abono bawat isang ektarya. Ilagay ito sa mga tudling at takpan ng manipis na lupa bago magtanim. Mag-side-dressing ng Urea (45-0-0) isang buwan pagkatanim sa daming 10 gramo o isang kutsarita bawat puno.

## Pagtatanim

Karaniwan nang itinatanim ang okra ng direkta o hindi na ipinupunla. Kailangan ng 7 hanggang 10 kilo ng binhi bawat isang ektarya. Upang maging maganda ang tubo ng mga binhi, ibabad muna ang mga buto ng magdamag. Itanim ang mga buto ng okra sa mamasa-masang lupa sa daming 2-3 buto bawat puno sa agwat

na 30 cm at 2-5 cm ang lalim. Maghulip sa mga hindi tumubong buto tatlong araw pagkasibol.

## Pagpapatubig

Patubigan ang mga tanim na okra kung tuyo na ang lupa o nagsisimula nang malanta ang mga tanim. Imaan sa pagitan ng mga tudling ang tubig tuwing 7 o 14 araw depende sa panahon at tipong lupa. Magbawas ng mga makapal na tanim at mag-iwan lang ng dalawang pinakamaluso na puno bawat tundos 15 araw pagkatanim. Alisin ang mga punong maliliit at mukhang may sakit.

## Paggagamas

Araruhin ang gilid ng mga tanim (off-barring) ng palabas upang mabawasan ang mga damong tumutubo 15 araw pagkasibol. Araruhin papasok (hilling up) sa mga tudling 15 araw pagkaraan o isang buwan pagkasibol. Bunutin ang mga damong hindi namatay sa dalawang pag-aararo.

## Pagsugpo sa mga kulisap at sakit

Karaniwang matibay ang okra sa pesteng kulisap at sakit. Ngunit kailangan ding obserbahan ang mga tanim sa pag-atake ng mga kulisap. Ang mga pangunahing kalabang kulisap ng okra ay ang Cotton Stainer at Stink Bug.

Ang pinakamalalang sakit naman ay nagmumula sa amag (fungus). Ilan dito ay cercospora blight, powdery mildew, fruit rot at root knot nematode. Mag-isprey ng green label na mga pestisidyo na angkop sa mga naobserbahang kulisap. Maghalo ng fungicides kung may na obserbahang amag sa mga tanim. Bunutin ang mga tanim na may sakit at sunugin upang hindi na kumalat.

## Ratooning

Ang pagrataroon ng okra ay ginagawa sa